

Public education  
Discover a world of opportunities

# PAGSULAT AT PAGBAYBAY: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYA TUNGKOL SA PAGSULAT AT PAGBAYBAY

### Magkasama kayong magbasa

Regular na kasama ang iyong anak na magbasa. Paulit-ulit niyong basahin ang kanyang mga paboritong kuwento. Ituro niyo ang mga karaniwang salita at magkasama kayong baybayin ang mga ito.

**Mahalagang tandaan na ang mga bata ay sumusulong nang ibat-ibang tulin. Maging matiyaga, positibo at matulungin, at tiyaking purihin siya sa kanyang paggawa kahit na mali ang kanyang sagot. Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa pag-unlad ng iyong anak, makipag-usap kayo sa kanyang guro.**

### Magkasama sa pagsulat

Magsulat ng listahan ng mga bibilhin na kasama ng iyong anak. Pag-usapan niyo ang iyong ginagawa at sinusulat. Papagsulatin din siya ng isang listahan ng bibilhin. Palakasin ang loob ng iyong anak na gawin ito, dahil ang pagsasanay sa pagsulat ay magpapalaki ng pagtitiwala niya sa kanyang sarili.

### Pagbuo ng mga salita

Subukan niyong baguhin ang ayos ng mga titik sa mga salita upang bumuo ng iba pang mga salita. Magsimula kayo sa mga madadaling salita at magpatuloy sa mga mahihirap na salita *kagaya ng* “on” at “no”; “dad” at “add”; “art”, “rat” at “tar”; “tabs”, “bats” at “stab”. Ang tawag sa mga ito ay “anagram” o mga kataga na nabubuo sa pamamagitan ng pagbago ng ayos ng mga titik.

**Ang 26 na titik ng abakadang Ingles ay kumakatawan sa 44 na tunog. Halimbawa, ang titik “a” ay may ibang tunog sa mga salitang “apple”, “craft”, “any” at “apron”.**

### Mahalaga ang pagbaybay

Pag-usapan niyo ang tungkol sa mga karatulang iyong nakikita. Halimbawa, ituro niyo ang pangalan ng iyong kalye upang maunawaan ng iyong anak na ang mga salita ay may layunin.

### Mga larong pagtutugma

Maglaro ng mga larong pagtutugma, *kagaya ng: Ano ang nakakatuwa, mabalahibo at nagtutugma sa salitang “mitten”?*

**Ang pagkakaroon ng kakayahang makasulat at magbaybay ay mga paraan na kailangan ng sapat na panahon. Ang mga bata ay natututo sa ibat-ibang paraan at ibat-ibang tulin. Maging matiyaga at lagi niyong purihin ang kanyang mga pagsisikap.**

### Mga salita habang naglalakbay

- Maglaro ng “I Spy” sa kotse, sa bus at tren.
- Basahin ang mga karatula sa kalye at trapiko katulad ng “STOP”. Ipaliwanag na ang salita ay nagsasabing tumigil at kung bakit importanteng tumigil doon. Makakatulong ito sa pag-unawa ng iyong anak kung bakit mahalaga ang tamang pagbaybay.
- Maglaro ng *Word Detective*. Tanungin niyo ang iyong anak: *Aling salita ang may rimang katulad ng “boat”?* *Ano ng kabaligtaran ng salitang “long”?*



Department of  
Education

Matutunghayan ang marami pang  
mga pahina ng pag-aaral sa tahanan  
sa [education.wa.edu.au](http://education.wa.edu.au)